

Mga Tanong at Sagot Ukol sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

T: *Mabibilang ba ang aking boto?*

S: Oo. Bawat legal na balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay bibilangin. Masusubaybayan mo ang kalagayan ng pinadala mong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa Internet sa sccvote.org o sa pamamagitan ng pagtawag sa Tanggapan ng Tagapagtala ng mga Botante.

T: *Ligtas ba ito?*

S: Oo. Ang lagda sa likod ng sobreng ibabalik ay ihahambing sa orihinal na lagda ng botante na nasa porma ng pagpaparehistro upang tiyakin na ang isang taong walang pahintulot ay hindi makakapuno at makakapagpadala ng balota ng iba.

T: *Dapat ko bang ihulog ito sa koreo?*

S: Hindi. Maaari mong dalhin ang iyong balota sa Tanggapan ng Tagapagtala ng mga Botante o kaya'y ihulog ito sa puting pang 24-oras na buson na kalapit ng poste ng bandila ng Tanggapan. Maaari mo ring dalhin ang iyong balota sa kahit saang lugar ng pagboto sa County ng Santa Clara sa Araw ng Halalan. Puntahan ang sccvote.org upang makita ang buong talaan ng mga lugar kung saan maaring ihulog ang balota.

